

OFFICE OF THE PRESS SECRETARY
News and Information Bureau

INTER-AGENCY PRESS CONFERENCE
AGAINST ONLINE SEXUAL EXPLOITATION OF CHILDREN
AUGUST 23, 2022 (1:05 P.M. – 2:16 P.M.)

ASEC. DE VERA: Magandang hapon, Malacañang Press Corps. Narito si Press Secretary Trixie Cruz-Angeles.

SEC. CRUZ-ANGELES: Magandang hapon po sa inyong lahat. Unang-una, I suppose you've heard, nag-issue na po kami ng announcement na ang trabaho at saka pasok sa lahat ng lebel in the public sector ay suspendido na po today and tomorrow.

Sa pribadong sektor, base iyon doon sa discretion ng employers. Pero rekomendado na isuspinde na rin.

Bukod po dito, kanina ay nag-Cabinet meeting kami ng alas nuwebe ng umaga. Ang nag-report po ng priority programs and projects ay ang Department of Migrant Workers at saka Department of Labor and Employment.

Sa Department of Migrant Workers, nagpresinta po sila ng mga plano ukol doon sa repatriation, digitalization, negotiations – these are bilateral labor agreements – programs for OFW kids; reintegration of OFWs, scholarships, protection and health.

Para naman sa Department of Labor and Employment, nagpresinta ng context, mandates, structure and role in the socio-economic agenda; program, priorities and strategic linkages, at saka ways forward.

They will discuss the details later on, possibly next week, for the specifics of their plans and programs.

Ngayong araw na ito, kasama namin para magpresinta ng kanilang programa si DILG Secretary Benhur Abalos; DOJ Secretary – puwede na bang nickname na lang? – Boying Remulla. Nagpaalam muna ako, siyempre; DSWD Secretary Erwin Tulfo; Chief PNP, General Rodolfo Azurin, Jr; NBI Chief Medardo de Lemos; Homeland Ricardo Navalta; our UN Envoy, Mrs. Nikki Teodoro; and of course, Secretary Ivan John Uy of DICT.

Okay, for the opening presentation will be our Secretary of the Interior and Local Government – Secretary Benhur Abalos.

DILG SEC. ABALOS: Maraming salamat, Secretary Trixie. At magandang hapon po sa lahat ng mga nanunood and of course, sa ating mga media partners.

Kaya ho kami nagkaroon ngayon ng joint presscon – kung titingnan ninyo, ito ay inter-agency – ito ay talagang pagkakaisa ng gobyerno laban dito sa cyber pornography or exploitation of children. Dahil hindi maganda ang nangyayari rito and in fact, iyong record ng Pilipinas ay hindi maganda sa buong mundo.

Ano ba itong online exploitation of children? Ano itong mga batas na ito? Dalawa po iyan, ito iyong Republic Act # 9775 or iyong Anti-Child Pornography Act of 2009 at itong Republic Act # 9208 or iyong Anti-Trafficking in Persons Act. So dalawang batas ang ating pagbabasehan dito.

So anong ibig sabihin ng online sexual exploitation of children? Kung titingnan natin ang batas, primarily ito ay produksiyon, just the mere production for the purpose of online publication of sexual abuse or exploitation of a minor in exchange for compensation. So ito iyong sinasabi natin na online sexual exploitation.

On the other hand, ano naman ang ibig sabihin ng child pornography? It is any representation, visual, audio or written combination thereof by electronic, mechanical, digital, optical, magnetic or any other means, of a child engaged or involved in real or simulated explicit sexual activity. So naka-define po lahat ito.

Sumunod, tingnan natin, ano ang pagkakaiba nitong online sexual exploitation of children against child pornography law? So iyong isa, iyong online sexual, pino-prohibit ang sexual exploitation, act of exploitation; and when victim is a child, no threat, force or coercion. Basta bata ito, hindi mo na kailangang takutin pa or i-coerce. Ako ay nananawagan sa lahat, nakasabi sa batas, basta ito ay bata, hindi mo na kailangang takutin pa. Need to be proven is only the fact of exploitation – iyon lang ang kailangan.

Ano naman ang child pornography? Ang pino-prohibit dito ay ang media itself – ano ang ibig sabihin noon? Any act related to the creation or production, sale or distribution, broadcast or promotion, use or possession of child pornography.

So klaro na po sa atin na ito talaga ay para proteksiyunan ang mga bata laban sa exploitation at saka sa child pornography.

Ngayon, ang tanong rito: Ano ba ang mga data natin sa trafficking of persons? Ito ang mga data natin ngayon, magmula 2017 hanggang 2022 at diyan po nakasaad ang operation conducted, ang number of cases filed, ang under investigation and of course, number of convicted persons.

Ito namang sumunod na data ay iyong data sa child pornography magmula 2016 hanggang 2022. So kung titingnan ninyo, out of 103 cases, ang nai-file ay 67; ang nasarado ay tatlo sa kasong ito.

Bakit importante ito? Bakit ganoon kahalaga na makikita ninyo na halos lahat ng ahensiya ng gobyerno na may kinalaman talaga sa hustisya ay nandito ngayon, pati of course, si Ma'am Nikki sa United Nations. Napakaimportante nito dahil ito ang epekto sa mga bata 'no, kasi iniisip nila camera lang iyan. Sabi nga kanina sa akin ni Sec. Erwin, iyong iba pinapakita walang ulo. But then, matindi ang epekto sa bata nito. At ito, nakalagay rito, aside from the fact that it violates the rights of the children. Of course, marami pang iba – feeling of shame, unworthiness, etc., withdrawal and isolation – marami pong epekto ito.

So ngayon, ano ang initiatives ng PNP laban sa child pornography? So bukod sa ginagawa nilang mga imbestigasyon, mga panghuhuli, pagpa-file ng kaso, mayroon silang cooperation now with the National Center for Missing and Exploited Children, iyang mga Aleng Pulis program, MOA sa iba't ibang ano, and conduct of lectures, etc.

Ano naman ang initiatives ng DILG laban sa trafficking in persons and child pornography? Nakasaad po lahat iyan – tandaan ninyo, ang DILG ay kasama namin ang kapulisan dito 'no – so

bukod dito ay mayroon din kaming iniimbestigahan, lahat, pina-file ang kaso. Mayroon din kaming mga cooperation sa ibang inter-agency.

So ano ang mga rekomendasyon na gagawin pa at dapat pa naming gawin? Of course, kailangan paigtingin natin, kaya nandito si Secretary Ivan Uy dahil ito ay kakaiba – ito ay teknikal. Kailangang mag-procure kami. Titingnan namin anong benchmark namin, kung okay na ba kami ngayon o kailangan pa bang gandahan pa namin itong software namin para sa online investigation namin. Of course, iyong koordinasyon sa mga local government units ‘no, iyong capacity building hanggang barangay level. Dapat katulong natin ang mga tao sa ibaba rito, mas magiging maganda ang resulta kung tulung-tulong ang bawat isa.

Lahat pong ito ay nilagay ko na lang dito at nandiyan po ang mga rekomendasyon namin. Pasensiya na at marami pa hong magsasalita. Ang gusto ko lang sabihin ay makikita ninyo kung gaano kami kaseryoso rito, ganoon kadami ang ahensiyang lalaban po rito. Tulungan ninyo po kami rito.

Maraming salamat po.

ASEC. DE VERA: Next to speak, Justice Secretary Crispin Remulla.

DOJ SEC. REMULLA: Thank you. Magandang hapon po sa inyong lahat. Isa pong maulan na hapon, ngunit tuloy po ang trabaho nating lahat.

Kasama ko po ngayon ang aking mga kasama sa Gabinete – Secretary Erwin Tulfo, Secretary Benhur Abalos, Secretary Trixie Angeles, Secretary Ivan Uy, at ang inyong lingkod. Kasama rin po natin dito ang author ng Anti-Child Pornography Act of 2009, si Special Envoy Nikki Prieto Teodoro na kasama ko noon sa Kongreso.

At ngayon ay kasama rin natin dito sa bulwagang ito ang Chief ng Philippine National Police, Chief Azurin at ang NBI Chief natin, National Bureau of Investigation Chief Medardo De Lemos; at marami pa ho kami ritong iba pang kasama ... at kasama ang Homeland mula sa America.

Ang layunin po namin dito, kaya nagsama-sama rito ay upang iparamdam sa mamamayan natin ang pangangailangang sugpuin natin ang mga krimen na ginagawa sa ating kabataan sa pamamagitan ng internet at sa pamamagitan mismo ng face-to-face na pangyayari at ito po’y karumal-dumal na krimen na ginagawa sa ating kabataan. At ang pagsama po sa amin dito ng law enforcement agencies natin ay isa lang pong hudyat na talagang hindi ho talaga tayo papayag na manatili itong ganito sa ating bansa. Sapagkat kung hindi ninyo naitatanong, marahil napakasakit aminin ngunit tayo po ang nangunguna sa buong mundo dito sa larangang ito ng exploitation of children ‘no, sexual exploitation of children.

At dapat ho tumigil na ‘to at ang aming pagsasama rito ay isa hong pakiusap din sa inyong lahat na makiisa kayo sa ating gobyerno sa pagsugpo ng karumal-dumal na krimen na nasasakop sa mga gawaing ito laban sa ating kabataan. At iyon po, sana po ay makiisa kayo sa amin dito at marami ho ritong kailangang makiisa – ang internet service providers, ang telcos ay sana’y makiisa rin po sa ating lahat. Kasama rin ho rito ang mga malalaking kumpanya ng internet na dapat makiisa na huwag na hong panatiliin ang ganitong gawain at sila po’y... huwag ho silang papagamit sa mga ganitong karumal-dumal na gawain.

At hindi lang po iyan, at marami pa hong mga taong kinakailangang managot sa ganitong gawain. Marami ho sa mga pangyayaring ito ay kasabwat ang mga magulang ng mga bata na minsan

sinasabing wala naman daw sakit na nangyayari sa bata... hindi po ganoon. Ang ideya mismo nito ay napakasama at hindi dapat ito pabayaang manatili sa ating lipunan.

Mamaya na lang po ako sasagot ng mga tanong ngunit ang presence po rito ng NBI at PNP na kasama po namin lahat dito ay isa pong talagang senyales na isang malaking pagtugon ito sa hamon ng online sexual exploitation of children at saka exploitation of children proper mismo. Kasama ko rito si... marahil puwede na ho natin anuhin na si Secretary Erwin Tulfo para siya naman po ang magsalita dito.

Maraming salamat po.

DSWD SEC. TULFO: Magandang hapon po sa inyong lahat. Marahil ay nagtataka ho kayo, mayroon ho tayong bisita... we have a visitor from the United States Embassy, the Homeland Security – katuwang po namin sila, they will be helping us monitoring. Kung lingid po sa kaalaman ho ninyo, 'pag pumunta ka sa isang website about sa mga bata, iyong mga pedophiles sa overseas, makikita ninyo ho doon na karamihan ng mga bata bagama't walang mga mukha, tinatakan, bini-blur pero pinagsasayaw-sayaw hubo't hubad iyong bata... ang mga kumukuha pa unfortunately, the videos are being taken by their own parents at ibinibenta.

Now these pedophiles overseas tuwang-tuwa naman ho, mabentang-mabenta iyong mga batang Pilipino sa mga foreigners. And that's why we have this visitor from the United States who will be helping us also monitor and track. Kasi iyong iba hindi lang ho sa video natutuwa eh, pupunta pa ho dito – mga foreigner magpapanggap na turista kaya iyan ho, kasama ho natin, they can track ... tina-track ho nila. Hindi lang po from the United States but Australia and European countries.

Tama ho ang sinabi ni Secretary Abalos, malala ho ang problema – number one po tayo. Number one sa child pornography ang Pilipinas, ito po iyong pinaka-source. The reason is because sa poverty siguro at ang reason din ng mga magulang sa mga social worker namin ay hindi naman ho nakikita iyong mukha noong bata eh ... hindi naman ho sila nasasaktan, hindi naman ho sila nagagahasa. Pero iyong psychological effect po noon sa bata is different at tatatak po buong buhay niya. Paliguan nga lang iyong bata ng nanay sa labas ng bahay, iyong mga batang paslit – 6, 7 years old kahit naka-panty lang, hiyang-hiya po iyong bata eh. How much more na kukunan ng video?

In a measly what? Ang bayad po minsan P10,000... P5,000 tapos hindi naman ho napupunta sa bata iyon. Iyon ho 'yung masakit ho doon kaya we have to join forces – DILG, the NBI, ang DICT – kasi nga po pornography ho ito, worldwide... sa pamamagitan po ng internet. Kaya nga we need all the help at panghuli na lamang po before I pass this mic to the DICT Secretary, makiusap lang ho ako sa mga magulang.

Mga sir, mga ma'am, hindi nga po nahahawakan 'yung anak ninyo; hindi nga po kilala ng mga dayuhan na pinapanood iyong anak ninyo na hubo't hubad, pero iyong impact po noon sa anak ho ninyo. Papaano na lang ho kung kayo mismo, noong bata kayo pinaghubo't hubad ng magulang ninyo at pinagsayaw-sayaw diyan? Hindi ho ba masama din sa loob ninyo?

Iyang anak ho ninyo ay hindi po iyan kasangkapan para kumita. Yes po, mahirap ho kayo ... gusto ninyo ho itawid 'yung inyong buhay pero hindi po iyong bata – not the child to make money for you and your family. Itigil ho natin iyan kasi pangalawa 'pag nahuli po kayo, kaso po ang aabutin ninyo – labag sa batas ... kulong po iyan. Number two, iyong bata ho aalagaan na ho ng gobyerno at hindi na ho ninyo makikita iyan hanggang sa lumaki.

For example, kung iyang anak ninyo ay 5, 6, 7, 8 years old ... nahuli po kayo, kustodiya po ng gobyerno namin ho iyan. Kami ho ang mangangalaga ho diyan, iyong CWC namin will take care of your children – pag-aaralin namin ‘yan, we will send them school, feed them, clothe them ... kasi hindi naman ho ninyo kaya palang alagaan iyan, pinagkakakitaan lang ho ninyo ang anak ninyo.

So pakiusap ho namin bago pa mahuli ang lahat, bago ho kayo makulong ... mahuli/makulong eh kukunin din ho namin ‘yung anak ho ninyo, mapapawalay po sa inyo. iyan lang ho, maraming salamat and good afternoon.

DICT SEC. UY: Magandang hapon po. Kami po sa DICT together with iyong attached agency namin na Cybercrime Investigation Coordinating Council are extensively cooperating ‘no with our law enforcement agencies to provide them with all the resources that they need in order to go after itong criminal activity na ito. As explained ng mga previous secretaries po natin eh talamak po ito at dahil napakadali pong gamitin ito, online ... malaki iyong marketing at malaki iyong customer-based nila. At dahil dito eh talagang nagiging ano po tayo ‘no, center ng attention ng buong mundo at ito po’y nakakahiya at nakakaawa po sa ating mga kabataan eventually na naba-brand sila habang sila’y lumalaki, iyong trauma po sa kabataan.

So since online ito eh ang mga magulang ay gumagamit po ng internet upang mai-deliver itong mga videos at mga photos ng kanilang mga anak or kanilang mga kamag-anak – ang iba ho kasi ay mga tito/tita or kahit na mga kapitbahay na gumagawa po nito at mati-trace ho namin kayo ‘no.

So, warning po na ibinigay ngayon ng ating mga ahensiya ng law enforcement is criminal act po ito. At sabi ho ni Secretary Tulfo makukulong po kayo at matatanggal at mahihiwalay kayo sa inyong mga anak na inabuso ninyo at tinanggalan ninyo ng dignidad at ang gobyerno na po ang mag-aalaga sa kanila at magpapalaki sa kanila at hindi ninyo na po makikita ang inyong mga anak.

So, pasensiya na po kung mahuli namin kayo. Marami pong paraan at once ma-zero in namin kayo, nasaan ang operations ninyo ay kasama rin ko kayo sa blacklisting as a child pornographer, as a child abuser sa buong mundo. Kaya nandito po ang mga ahensiya ng gobyerno ng ibang mga bansa dahil international po ang crime na ito. Hindi ho ito local crime na kung ginawa ninyo ito ay dito lang kayo sa Pilipinas mamamarka – markado po kayo sa buong mundo. At oras na mangyari iyan, hindi ho kayo makakahanap ng trabaho, hindi kayo makaka-travel dahil every time na kukuha kayo ng passport ay huhulihin din ho kayo kahit nasaang parte ng mundo kayo pumunta. Iba ho ang level ng criminal act na ito. Hindi ho domestic ito, international.

So, kung akala ninyo po ay kikita kayo nang kaunti dahil sa itong pang-aabuso ninyo sa inyong sariling mga kamag-anak, sa inyong sariling mga anak at iyong kaunting kikitain ninyo po ay hindi ho siguro sapat upang mailigtas kayo sa kamay na bakal ng ating mga ahensiya ng gobyerno.

And as i said po, iri-risk ninyo po ba na maba-blacklist kayo sa buong mundo? Paano ho kung may intensyon kayo na mag-travel, may intensyon kayo na magtrabaho, mag-apply ng trabaho at markado na po kayo? So, ganiyan po kaseryoso nitong offense na ito.

Maraming salamat po.

ASEC. DE VERA: Next speaker, Philippine Special Envoy to UN, Miss Nikki Teodoro.

SPECIAL ENVOY TO UN TEODORO: Good afternoon, ladies and gentlemen. I would like to congratulate this panel. It's absolutely amazing because second time ko na mag-serve dito. So, this is the second President, the first President was PRRD and now PBBM. So, this is a very fantastic group because it's united. And for the first time let me explain, my job is to report in the UN kung ano ang nangyayari sa bansa natin.

So, now I will be going there in September to announce that we're number one for child trafficking, online pornography. My bill Anti-Child Pornography Act of 2009 that became a law is something that has been modified because it's gotten so bad that we're actually number one. Number one na po kami.

In 2011, there was an Australian named Peter Scully who was actually torturing an 18-month-old baby by burning the body parts. Sinusunog iyong body parts with candle wax and then nagla-live streaming siya. At that time, 11 years ago it was \$10,000 per live streaming. So, iyong mga kliyente niya ay big-time foreigners and this went on until 2017. So, he was arrested in 2014, he was put in CDO but he was still doing his kalokohan in the jails. So, we had to monitor that and I monitored that with a group of Cabinet members of PRRD and he was finally arrested and charged, life imprisonment. He is the first to be charged life imprisonment because ang hiningi namin ay dito siya ma-charge sa Pilipinas because he's hurting our children, our future. He has damaged our future. Those are the Filipino children that are being exploited and as of 2022 it's up by over 280%. Why? Because it's easy to do. The children were locked-up. Nakakulong ang mga bata kasama ng mga magulang, lola, lolo, tita, tito. So, may chance sila. Now it's even cheaper, you can do it for P1,000.

So, you can imagine how many sites are on right now that it's so easy to get on one site and then catch another site. Kung makuha man iyong first site, may second site, may third site, may 100 sites after that.

So, our job is so difficult. We need all of you to participate because they use all the IT, the cell phones, the laptops, they use everything that cannot be traced because they use SIM cards. So, we must also monitor and register the SIM cards and our biometrics because we have a problem kasi ngayon na iyong mga foreigners they don't need visas to come to our country. So, it's very easy – pasok, labas, pasok, labas – and they never get caught. They get Filipino counterparts to help them get the children, lure them with ice cream and they come in because some of them are really street children that are not being monitored. Hindi sila namu-monitor ng mga kamag-anak, nasa kalye lang sila. So, bibigyan sila ng candy, bibigyan sila ng pagkain, papasok naman sila sa bahay. At that point, they are literally already jailed. And they are made to do sex things para mabenta lang online. And now it's getting so much cheaper that we are number one.

Now, isipin lang ninyo, kayo media kayo, do you want me to tell that to the UN that we're number one for online pornography? Because I have to report, I will be reporting this in September to the UN. So, I'm very embarrassed.

So, I'm very proud of this team right now because this team is in sync, but we need the media. We need within the social networking of everyone to stop this because it's so lucrative. It's a billion-dollar industry. Bilyun-bilyon ang makukuha nila. But once you get caught and charged, you are charged internationally and that's my job to go to the UN and tell them our problems so they can help us, suggest to us how to help us.

In fact, right now, UK National Crime Agency (NCA) and International Justice Mission (IJM), the Philippine law enforcement agencies are receiving trainings to advance investigating workshops

organized and coordinated by IJM – that's UK based, and cooperative increasingly with financial services provided to investigate OCSEA cases. So, we are getting international help. But the problem is it's not fast enough. It has to be faster; it has to be faster by our help not by foreign help. We have to help ourselves because we are damaging the future of our beloved Philippines.

So, pakiusap lang sa inyo, kung ayaw ninyong masira ang bansa ninyo, you report the parents, you report anyone that is hurting our children or you're messing with the future – our future.

Kami on the Board, we're the generation protecting the next generation. So, it's our job, it's all our jobs to make sure we take care of the future of this country.

Thank you and good afternoon po.

ASEC. DE VERA: Next speaker, US Homeland Security Attaché Ricardo Navalta.

US EMBASSY-MANILA ATTACHE NAVALTA: Good afternoon. I would like to thank President Marcos. I would like to also thank the Cabinet members, Secretaries here, all the panelists on here. I've been here in the Philippines for four years now and this is a remarkable time, this is a remarkable group of panelists to bring together this kind of working group to combat child exploitation.

It was very challenging hearing what she had to say because as a blood of a Filipino and an American-born citizen I have a lot of hope for both the United States and the Philippines.

We at the US Department of Homeland Security, Homeland Security Investigations, we are fully behind the Philippines in combatting child exploitation. We are here to develop best practices, help develop programs to not only stop foreigners or from the US or from other countries from coming into the country to have access to Filipino children, but also educating the population as well.

There are lot of programs that the United States has that we will provide information on, and hopefully be able to educate the community, teachers, parents, everyone that we can. The United States has been in a memorandum of cooperation with the Philippine National Police since 2018. That cooperation is based on a Transnational Criminal Investigative Unit that we work together, side by side, to combat transnational crime, transnational sexual misconduct, and child exploitation.

We currently in the process of adding the National Bureau of Investigation, as well as many of the other agencies – Bureau of Customs, Bureau of Immigration, the DSWD – into this program, and hopes that we can work together to reduce the number of cases that come from the US and foreign countries.

We also work alongside with our counterparts from all the different countries such as the UK, Australia – the Aussies – all of them. We also do a lot of training with them in order to help facilitate and better prosecute this kind of offender as well.

So, I'm very excited and I'm very proud to be included into this working group. And I look forward to, hopefully, a better choice of conversation at the UN for the improvements that will make with this panel.

So, thank you very much.

ASEC. DE VERA: NBI Chief Director Medardo De Lemos.

NBI CHIEF DE LEMOS: Magandang hapon po sa ating lahat. Ang NBI po ang investigative arm ng Department of Justice. At sa pamumuno ng aming bagong Secretary, sinabi po niya na ang priority cases, isa sa mga priority cases na dapat pagtuunan ng pansin ng NBI ay ang OSEC (Online Sexual Exploitation of Children).

Nais naming iparating sa ating mga kababayan na since 2019, ang NBI po ay naka-secure ng 29 conviction sa OSEC cases. Dahil ito nga ay online, mayroon din tayong iniimbestigahan na child pornography. At since 2019, nagkaroon po tayo ng 46 active investigation sa child pornography.

Ang mga initiatives po ng NBI ay nagtatag, nag-establish kami ng aming AHTRAD, iyong Anti-Human Trafficking Division sa ating headquarters dito sa Manila. At nagka-cluster din tayo ng ating mga human trafficking investigation groups in the three islands – Luzon, Visayas and Mindanao. Nagkaroon din tayo ng mga designated contact persons pagdating sa online sexual human trafficking.

Para malaman din ng karamihan, mayroon din tayong monitoring, online monitoring ng mga OSEC cases. At noon ngang July, naging resulta ng ating monitoring na ito, nagkaroon tayo ng isang successful operations sa Cebu, kung [saan] ilang mga kabataang lalake naman ang naging biktima ng OSEC cases na ito.

Kami ay nakikipagtulungan sa lahat ng ahensiya sa ating bansa, sa ating mga counterparts dito sa ating bansa, at mga counterparts din natin sa ibang bansa na siyang nagbibigay din sa atin ng mga impormasyon tungkol dito sa mga OSEC cases.

Nakikipagtulungan din tayo sa ating mga payment centers kung saan pinapadala itong pera na bayad sa ating mga biktima. Kasi ang Pilipinas po ay ito ang biktima, hindi po tayo ang predators. Ang mga predators po ay nasa ibang bansa. At tinutulungan din tayo ng ating mga counterparts, totoo po iyon, sa UK, sa Netherlands, sa US at saka sa Australia.

Kaya katulad ng kahilingan natin dito, ng buong team na ito, kung mayroon din po kayong mga impormasyon na makakatulong para mapabilis ang imbestigasyon, mayroon po kaming hotline din sa NBI na maaaring tawagan.

Maraming salamat po.

ASEC. DE VERA: Next, Chief PNP General Rodolfo Azurin, Jr.

PNP CHIEF GEN. AZURIN: Magandang hapon po sa ating lahat. So, in behalf po ng ... sa pamumuno po ng aming DILG Secretary, si Sec. Benhur Abalos, ang inyo pong kapulisan sa buong Pilipinas ay handa po na tumulong po sa atin pong adhikain na matigil na po ang mga child exploitation po lalung-lalo na po iyong mga batang-bata po na nabibiktima po nitong online sexual abuse and exploitation of children.

Sa datos po ng inyong kapulisan, since 2019, we are able to receive 378 referrals po, and then we were able to conduct about 250 police operations; arrests were made. And we were able to file 225 cases against the perpetrators.

So, our comparative data po, from January to August 2021 last year, mayroon po tayong 43 operations na kinondak [conducted]. And for this year po, from January to August 2022, mayroon po tayong 29 operations that were conducted by your PNP.

We were able to file a case last year, from January to August 2021, twenty-five cases po. And for this year, out of the operations we conducted, we were able to file 20 cases for the complaints we received from January to August 2022.

For the cases solved po na nagawa namin from January to August 2021, we were able to solve 11 cases po. And this year, from January to August 2022, apat na po iyong nasolve namin. And for the number of cases cleared last year, 25; and for this year, 20 po.

On the conviction po, since 2016, since we started po iyong atin pong operation against child abuse and trafficking, we were able to convict 71 po na mga suspects, and iyong iba po ay ongoing pa po ang trial.

So other than that, ang inyo pong kapulisan ay handa po to bring awareness to everyone in the community about the ill-effects po nitong child abuse and exploitation. And then, we will also organize all sectors in the community to help by mobilizing everyone po.

So ito pong gathering na ito is napakaganda pong umpisa na kung saan lahat po tayo ay hinihikayat na magtulung-tulong po para po sa future nga ng ating kabataan.

Maraming, maraming salamat po.

ASEC. DE VERA: Lastly, IACAT Head, Justice Undersecretary Nicholas Ty.

IACAT HEAD USEC. TY: Thank you. Good afternoon to everyone.

As we all know, the Inter-Agency Council Against Trafficking was created by the original Anti-Traffic in Persons Act or RA 9208 to coordinate the different agencies in the fight against human trafficking. Online sexual abuse and exploitation of children is a sub-specie of human trafficking.

The Chairperson of the IACAT is Secretary Remulla, the Co-Chairperson is Secretary Tulfo. They have expressed most of the things that IACAT wants to express. But we'd just want to take this opportunity to once again thank the national government for this opportunity wherein this problem of online sexual abuse and exploitation of children can be given more light and solutions to this problem can be considered.

At the same time, we'd like to express our appreciation to the administration of President Rodrigo Roa Duterte, as well as the administration of PBBM, for the passage of two key pieces of legislation in this fight against online sexual abuse and exploitation of children and trafficking in persons. These are Republic Act 11862 which further amended the Anti-Trafficking in Persons Act, as well as RA 11930 or the Anti-Online Sexual Abuse and Exploitation of Children Act. So, with these new pieces of legislation, we believe that IACAT is in a better position to fight OSAEC as well as other forms of trafficking.

Thank you.

